


# Tinig

OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

NOVEMBER 1-30, 2014 * 103 E. MENDOZA ST., BUTING, PASIG CITY * VOLUME 2, ISSUE 9

ALL SAINTS DAY


## SAN GUILLERMO PARISH


**VISION:**

SA PATNUBAY NG ATING PATRON, ANG PAROKYA NG SAN GUILLERMO AY MAGING ISANG SAMBAYANANG KRISTIYANO NA MAY MATAAS NA PANANAMPALATAYA AT MAUNLAD NA PAMUMUHAY.

**MISSION:**

UPANG LUBUSANG MAISABUHAY ANG MITHIIN, ANG PAROKYA NG SAN GUILLERMO AY SAMA-SAMANG KUMIKILOS, NAGBABAHAGINAN NG MGA BIYAYANG KALOOB NG DIYOS, AT NAGTUTULUNGAN SA LAHAT NG PAGKAKATAON UPANG MAIPADAMA ANG PAGMAMAHAL NG DIYOS.

# PLANNING




**PLANNING** is necessary if you want to achieve something; it sets direction and goal. The same also holds true in the case of a parish which is created in a stable manner, headed by a pastor who acts in the name of the diocesan bishop. Canon 515 of the Code of the Canon Law defines parish as a: "*definite community of the Christian faithful established on a stable basis within a particular church; the pastoral care of the parish is entrusted to a pastor as its own shepherd under the authority of the diocesan bishop*". The vision-mission must be clear and all activities and programs of the whole parish must be directed into it. Other than this, there may merely be activities, a showcase; it has no direct link to the programs of the parish.

Hence, to administer a parish is not that easy but thanks to the lay collaborators who are willing to commit and implement the programs of the parish as a whole. One activity is not only limited to a specific group, organization or ministry; it is part of the whole parish activity and therefore it is a parish activity. We should avoid separating ourselves in the parish. The mere fact that we have a common activity, it is because we belong to a parish, a definite community.

Hence, our parish is proud to say that this year we have journeyed together and that we were able to plan for next year 2015. It is not easy but we have to do it for the good of the Church. The different committee coordinators and members (WESTFY & KAWAN) together with our chapel coordinators (San Joaquin & NSDG) and satellite chapel coordinators (St. Francis-Lexington & San Pedro Calungsod- East Mansion) gave their time and efforts to present their respective plans. On the other hand, the PPC (Parish Pastoral Council) with the help of Finance Council go hand in hand in planning and prioritizing activities that are in line with the vision and mission of the parish with corresponding budget.

A parish cannot be created for one specific person only but to all people who are willing to commit and support the mission of Jesus-- to make disciples of all nations. Surely, we can always contribute in our own little way. The three T's (time, talent & treasure) are always present in us. The question is how do we use it? Do we use it for the glory of God or are we like one of the servants, we keep it and bury it under the soil? **Tayo ay iisang simbahan,** isang katawan ni Hesus, ang kalungkutan ng isa, kalungkutan natin lahat, ang tagumpay ng isa tagumpay nating lahat. Remember, walang perpektong simbahan; tayo ay isang simbahang naglalakbay na maging banal at bayani. After all, as we are accountable for one another, we are all accountable to God. Kapag ginawa natin ang ating parte, tiyak mabuting alipin tayo, sasabihin ng Panginoon: "halikayo, makihati kayo sa aking kaluwalhatian."

As we approach the end of the year, I thank everyone who helped our parish in promoting and achieving our vision and mission. —**REV. FR. JOEFFREY BRIAN V. CATUIRAN, JCL**

# ALL SOULS AND ALL SAINTS DAY




*All Souls' Day is a day of prayer for the dead, particularly but not exclusively one's relatives. In Western Christianity the annual celebration is now held on 2 November and is associated with All Saints' Day (1 November). In the liturgical books of the Catholic Church (the Latin Church) it is called The Commemoration of All the Faithful Departed. All Saints' Day, on the other hand, also known as All Hallows, Solemnity of All Saints, or Feast of All Saints is a solemnity celebrated on 1 November by the Catholic Church.*

Visiting our dearly departed where they are laid to rest (cemetery, columbarium, etc.) has been a long-standing tradition the Philippines. No matter how severe the traffic is, no matter how heavy the volume of people is, and no matter how hot and humid it is in those places, we still prefer to go there. It has been a practice during November 1 for families to come together to the cemetery, also as a means of catching up with each other. It is heart-breaking to lose somebody, most especially if the person is a part of our family, but we must remember that everything happens for a reason. It is not because the Lord wants our loved one to die, but it is His way of saying, "Dear son, your mission on earth is already done. You can now live with Me."

Never did I imagine that I would be staying overnight in the *panchong*. It is hot, and it would be uncomfortable most especially when it comes to the restroom. It is most difficult; sabi nga nila, sacrifice daw. When November 1 comes, sobra-sobra ang preparation ng bawat pamilya. Maglalagay ng tent sa panchong, o kaya ng lona, or sometimes meron pang table and chairs na dinadala. May nag-ooovernight para iwas sa masikip na parking, meron din namang gabi na kung pumunta. Meron ding mga nakaporma pa, lalo na sa mga youth. Pero ano nga ba ang essence ng pagpunta roon? Ano nga ba ang ipinunta mo ro'n? Personally, I went there to stay with my dad. Parang feeling ko lang nandun ang daddy ko. Lapida man lamang ang nakikita ko, parang nandun na rin siya sa tabi ko. Ikaw, ano ang ipinunta mo dun? Tumambay ka lang ba? Nakipagchikahan? O baka naman gumala ka lang doon? Nagdasal ka ba? Ipinagdasal mo ba ang mga mahal mo sa buhay na kasama na nina Lord? Prayer moves mountains, ika nga, di ba?

November 2 is supposed to be the traditional date for All Souls' Day. Pero nagkabaliktad sa atin eh. Supposed to be, November 2 pa lang tayo pupunta sa ating mga yumao nang mahal sa buhay pero nagiging November 1. We also commemorate all the saints during these two days. Some saints were sinners before. Some were drunkards, some were really bad. But they were able to convert because of the call of the Lord. That is a challenge for all of us. How can we be like saints in our everyday lives? It's up to us and our decisions on how we can be saint-like. (***ROWELL ANNE SANTOS)***

http://en.wikipedia.org/wiki/All_Saints'_Day
http://en.wikipedia.org/wiki/All_Souls'_Day

**OUR PARISH**

**REV. FR. JOEFFREY BRIAN V. CATUIRAN, JCL**
Parish Priest

**SCHEDULE OF MASSES:**
**-SAN GUILLERM O PARISH**
**DAILY MASS (TAGALOG):**
Mondays-6:00AM / Tuesdays-6:00PM
Wednesdays-6:00AM & 6:00PM
Thursdays-6:00PM
Fridays-6:00AM & 6:00PM
Saturdays-6:00AM &
6:00PM (Anticipated Sunday Mass)

**SUNDAY**
Main Parish
6:00AM; 7:15AM (English Mass);
9:00AM; 4:30PM; 6:00PM & 7:30PM

**-C H A P E L S-**
**(1) San Joaquin Chapel**
Sundays - 7:30AM and 6:00 PM
**(2) St. Francis of Assisi (Lexington)**
Saturdays (English) - 8:00PM
Sundays (English) - 10:15AM
**(3) Nuestra Señora de Guia (Ulilang Kawayan)**
Sundays - 4:30 PM
First Friday - 7:30PM
**(4) San Pedro Calungsod (East Mansion)**
3rd Sunday of the Month - 10:30AM

**-S E R V I C E S-**
**Confession**
Wednesday & Friday - 5:30PM
**Baptism** - Sunday - 11:30AM
**Wedding**
Kindly arrange with the parish office two months before the desired date
**Sick Call** - anytime
**Blessing** - by appointment
**Funeral Mass** - by appointment

**-DEVOTIONS & NOVENAS-**
Monday - Holy Trinity - 5:00PM
Tuesday - San Lorenzo Ruiz - 5:00PM
Wednesday -
Our Lady of Perpetual Help - 5:00PM
Thursday - Ina Poon Bato &
San Guillermo de Maleval - 5:00PM
Holy Hour & Benediction every 1st Friday of the Month - 5:00PM
Saturday - Memorial of the Blessed Virgin Mary - 6:00AM

**PARISH OFFICE HOURS**
Tuesdays to Sundays
8:00AM to 5:00PM

103 E. Mendoza St., Buting, Pasig City
Tel No. (02) 642-8051
Fax No. (02) 642-8051
E-Mail:
sanguillermodioceseofpasig@yahoo.com
Sgp Buting Dioceseofpasig

Tinig — OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

**EDITORIAL STAFF**
Mina Anore, Rowell Anne Santos, Joezel Polintan, Barry Villanueva, Junie Gulle, Kyrie Lababo, AJ Sanchez Mary Ann Ochoa, Jean Roselle Goloso

**CIRCULATION STAFF**
Renz Pefenia, Kyrie Lababo, Archie Lao Marck Sumulong, AJ Sanchez

**ADVISER**
Boy Jadaone
Rev. Fr. Joeffrey Brian V. Catuiran

**PRINTER**
R.O. Santos

Send your comments, suggestions & feedback/ story, photograph & artwork contributions to TINIG @ sgp_media@yahoo.com or to joepol18@yahoo.com

# KASAMAHAN NG MGA BANAL



Sa ating Kredo ("Sumasamplataya ako"), ipinahahayag nating mga Katoliko ang ating pananananplataya sa "kasamahan ng mga banal". Ano nga ba ang ibig sabihin ng ating paniniwalang ito?

Ang salitang **"kasamahan ng mga banal"** ay may dalawang kahulugan:

(1) **Pakikipag-isa sa mga Banal na Bagay—** Nilagom sa kinasihang paglalarawan ng sinaunang Simbahan sa mga Gawa ng Apostol ang pakikipag-isa sa mga banal na bagay ng mga kasapi: *42 Sila ay matatag na **nagpatuloy sa turo ng mga apostol, sa pagkikipag-isa, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa mga pananalangin**. 43 Nagkaroon ng takot sa bawat kaluluwa. At maraming mga kamangha-manghang gawa at mga tanda ang nangyari sa pamamagitan ng mga apostol (Gawa 2: 42-43)*

(2) **Pakikipag-isa ng mga Banal na Tao—**Ang Simbahan ay pakikipag-isa rin ng mga banal na tao sa tatlong kalagayan: ang Simbahang Naglalakbay sa lupa (Church Militant), ang Simbahang Dumaranas ng Paglilinis (Church Penitent aka Church Suffering), at ng Simbahan ng mga Nasa Kaluwalhatian Na (Church Triumphant).

Sa kabila ng magkakaibang kalagayan, ang lahat ay nasa pakikipag-isa sa pag-ibig sa iisang Diyos at sa kanilang kapwa, dahil sa pagiging alagad ng iisang Panginoon, at pinag-aalab ng iisang Espiritu. Bukod dito, "hindi napuputol ang ugnayan ng mga buhay sa mga kapatid na nahimbing sa kapayapaan ni Kristo, sa halip, ayon sa pananampalataya ng Simbahan, pinagtitibay pa ito sa pamamagitan ng pakikibahagi ng mga bagay na espirituwal." (LG 49)

**-- BARRY VILLANUEVA**

## D I K S I O N A R Y O ( B I B L E W O R D S & M E A N I N G )

**Researcher: Junie Gulle**

## ANG LABINDALAWANG LIPI NG ISRAEL:

**(Unang Bahagi)**

***LIPI***—*na ang ibig sabihin ay grupo ng mga tao, na binubuo ng maraming pamilya; tribo; angkan.*

(1) Asher – sa wikang Hebreo, ito'y katunog ng salitang "Masaya". Tumira ang liping ito sa baybayin ng Dagat Medoteraneo mula sa Bundok ng Carmel hanggang sa hangganan ng Lungsod ng Tiro.


(2) Benjamin – sa wikang Hebreo, ang kahulugan ng sallitang ito ay "anak na pagpapalain". Naging bahagi ng liping ito ang pagitan ng Bethel at Jerusalem. Nang humiwalay ang mga liping nasa hilaga, tanging ang liping ito ang nanatiling kasama ng Juda, at binuo nila ang Timog na Kaharian.

(3) Dan – sa wikang Hebreo, katunog ng salitang ito ang "panig sa akin ang hatol". Unang tumira ang liping ito sa kanluran ng Juda, Benjamin, at Efraim. Subalit nang kamkamin ng mga Filisteo ang kanilang lugar, napilitan silang tumira sa loobang bahagi ng hilaga ng Israel.

(4) Efraim – sa wikang Hebreo, ang salitang ito ay katunog ng "pinagkalooban ng mga anak". Isa ito sa pinakamalaki sa mga lipi. Napunta sa kanila ang hilagang bahagit ng Benjamin at bandang timog ng Kanlurang Manases.

(5) Gad – sa wikang Hebreo, ang kahulugan ng salitang ito'y "mapalad". Tinirhan ng liping ito ang silangang bahagi ng Ilog ng Jorda mula sa dulo ng hilagang Dagat na Patay, sa bandang hilaga ng Ilog Jabboc.

(6) Isacar – sa wikang Hebreo, ang salitang ito'y katunog ng "ginantimpalaan". Ang timog-kanluran ng lawa ng Galilea ang kanilang naging bahagi.




## SAN JUDAS TADEO (SAN JUDE THADDEUS)

(Oct. 28, Feast Day)

Madalas kong marinig ang simbahan ng St. Jude Thaddues sa Manila na puntahan ng mga estudyante kapag may exam at doon sila nananalangin na sana sila ay makapasa. Akala ko noon patron saint ng mga estudyante si St. Jude ayun pala ay pintakasing santo para sa mga bigong mga layunin at kawalan ng pag-asa dahil sa suliranin sa buhay, kaya hindi lang mga estudyante na nagdarasal na makapasa sa exam ang mga humihingi ng tulong kay St. Jude pati na din ang mga may-sakit, mga problemado, mga naghahanapp ng pagmamahal, mga gustong tumama sa lotto at iba pa.

Napag-alaman ko sa pagre-research tungkol sa buhay ni St. Jude, na si St. Bridget of Sweden ay isang deboto ni St. Jude at noong nagpakita sa kanya ang Panginoong Hesukristo sinabihan siya na lumapit kay St. Jude ng may buong paniniwala at pananampalataya. Sinabi sa kanya ng Panginoon: *"He will show himself most willing to give help",* sang-ayon sa ibig sabihin ng kanyang pangalan "Thaddeus" na ang ibig sabihin ay: *"generous, courageous & kind"*. Maging ang santo na si St. Bernard of Clairvaux ay ipinalalagay na nagkaroon ng isang malakas na personal na debosyon kay St. Jude.

Si St. Jude ay kapatid ni St. James, ayon sa Bibliya at isa sa labindalawang apostol ni Hesus. Sila ay inilarawan ni San Mateo (13:55) bilang "mga kapatid" (*brethren)* ni Hesus, marahil pinsan. Ang salitang Hebreo para sa "mga kapatid" (*brethren)* ay nagpapahiwatig ng isang relasyon sa dugo. Ang kanyang ina, si Maria, ay pinsan ng Mahal na Birhen na ina ni Hesus.

Pagkatapos ng pagkamatay at muling pagkabuhay ni Hesus, si St. Jude ay naglakbay sa buong Mesopotamia, Libya at Persia kasama si St. Simon upang magturo't mangaral ng tungkol sa Kristiyanismo.

Siya at namatay bilang isang martir at ang kanyang katawan ay dinala sa Roma at inilagak sa ilalim ng Basilika ni San Pedro.

Sa ngayon, milyong katao sa buong mundo ang deboto at nananalangin kay St. Jude. Ang pintakasing Santo ng mga bigong layunin at kawalan ng pag-asa dahil sa mga suliranin sa buhay, lalo na sa panahong sila ay nakakaramdam na sila ay nag-iisa, si St. Jude ay nakapagpapatunay na siya ay isang kaibigan at nakakabigay ng pag-asa sa mga tumatawag sa kanya. ***(Joezel Polintan)***

Source:http://www.stjudemanila.com/index.php/component/content/article/18-catholic-articles/48-who-is-st-jude-thaddeus

# KNIGHTS OF COLUMBUS (San Guillermo Council 13668)




## "VIVAT JESUS"

The Knights of Columbus has grown from several members in one council to more than 14,000 councils and 1.8 million members throughout the United States, the Philippines, Mexico, Poland, the Dominican Republic, Puerto Rico, Panama, the Bahamas, the Virgin Islands, Cuba, Guatemala, Guam and Saipan.

When was San Guillermo Council officially chartered ?

November 15, 2004 as Council #13668 and included in the list of its council members around the world. Proud to say that Knights of Columbus, San Guillermo Council has 50 active and 40 inactive members.

Through to its founding principles of charity, unity, fraternity, and patriotism, the Knights of Columbus was formed to render financial aid to members and their families. Assistance is offered to the sick, the disabled and the needy in the community. Social and intellectual fellowship is promoted among members and their families through educational, charitable, religious, social welfare and public relief works. The Order has helped members and their families obtain economic security and stability through its life insurance, annuity and long-term care programs.

The Knights of Columbus is not just a fraternity in name. It is a brotherhood of Catholic men who each play a part in improving the world around them, one community at a time. They stand together in faith, dedicated to uphold the principles they cherish as a whole,  lending their support and strength to parish, home and fellow Knights.

From charity for worldwide causes, to helping close to home with volunteer activities, to a top-rated insurance program that protects those closest to them, the Knights make the most of their brotherhood.

Make a stand among them, and you can discover how easy it is to make a difference in your life and that of others.


Thanks to +Sir Knight Lazaro "Jun" Santos, +Sir Knight Johnny Belgica, Sir Knight Juanito "Ito" Manzano, Sir Knight Cloduardo "Boy" Jadaone, Sir Knight Ernest Danoog, Sir Knight "Sherwin "Win" Llorador, Sir Knight Manolo "Bong" Aleligay, Sir Knight "Ignacio "Jun"Garing, Sir Knight Ronnie "Papa Jack" San Juan and Sir Knight Petronilo "Kag. Pete" Cruz for their outstanding leadership and to all the members of San Guillermo Council who contributed their time and energy to render service in the communities.

To Join:

Being a Knight is more than camaraderie; it is being involved with your community; it is supporting your local Catholic Church, while enhancing your own faith; it is about protecting and enhancing your family life. Come see just what we are all about and take the first step to enhance your personal life.

If you are a practical Catholic man, age 18 or older, we welcome you to join the leading organization of Catholic laymen. It is likely that there is a local council near you. Applicants must apply with their local council located at their parish.

# PERSONALITY IN FOCUS: ANGEL & MILA JIMENEZ



"Ang mga pagsubok sa buhay ang nagpapatibay sa ating paniniwala at pagmamahal sa Diyos, at nagtutulak sa atin sa patuloy na pagsisilbi sa Kanya."

Ang mag-esposong Angel (Angeling sa mga malalapit sa kanya) at Mila Jimenez ay dumaan sa matinding pagsubok ng sila ay kapwa tamaan ng sakit na Cancer, na sa awa at kalinga ng Panginoon ay kanilang nalampasan at patuloy na ipinagdarasal ng pasasalamat at kagalakan. Lagi rin nilang sinasambit na napakalaking tulong ang nagawa ng pagdarasal para sa kanila ng mga relihiyoso, mga kamag-anak, at mga kaibigan para sa kanilang paggaling. Dahil dito, ipinangako nila sa kanilang mga sarili ang walang humpay na pagsisilbi sa Panginoon.

Kapwa aktibong nagsisilbi sa Chapel ng San Joaquin, si Bro Angel at Sis Mila, kasabayan ni Sis Belen Enrile,  ang unang lumapit kay (ngayon ay) Monsignor Romy Ranada, upang boluntaryong maghain ng kanilang suporta at paglilingkod sa bagong tatag na Parokya ng San Guillermo nung ika 4 ng Hulyo 1993, na itinakdang sasakop sa San Joaquin Chapel at Nuestra Senor de Guia Chapel sa Ulilang Kawayan.

Isa sa mga respetadong couples sa ating parokya, sila ay kapwa humawak ng matataas na tungkulin sa Parish Pastoral Council (PPC) at patuloy na nagsisilbi magpahangga ngayon.  Si Bro Angel ay naging PPC Lay Coordinator sa kapanahunan ni Fr. Lino Jose; San Joaquin Chapel Coordinator sa  loob ng 21 taon (1992-2013), at kaagapay ni Sis Mila, ay namuno bilang Chapter Head ng Couples for Christ simula 2003 hanggang 2008.  Sis Sis Mila naman ay naging aktibo sa PPC bilang Assistant Secretary mula 1997-2000, bilang Secretary taong 2001-2005, ngunit pinili niyang maging Assistant  Secretary simula sa taong 2005 hanggang sa kanyang pagbibitiw taong 2013 dahil sa kanyang kalusugan.

Napakarami ng mga naisakatuparang proyekto sa San Joaquin Chapel si Bro Angel, na ang pinakahuli ay ang pagdarasal ng Angelus na naka-broadcast sa public address system ng kapilya tuwing ika 12 ng tanghali at ika 6 ng gabi.

Sa kabila ng kanilang pagiging abala sa kanya-kanyang hanap-buhay (si Bro Angel bilang owner/operator ng Shell Gasoline Station taong 1960-1984, at si Sis Mila bilang Executive Secretary to the VP-Marketing ng General Electric taong 1962-1995)

-sundan sa pahina 4





Ang taunang HOLY WIN PARADE sa pamumuno ng Knights of Columbus sa pakikipagtulungan ng Parish Youth Ministry na ginanap noong ika-31 ng Oktubre 2014
**(kuha ni Sis. Bebet Enciso at Bro. Bert Santiago)**




Ang Parokya ng San Guillermo na nakiisa sa ginanap na Advent Recollection sa Sta. Clara De Montefalco Parish noong November 29, 2014 ***(kuha ni Sis. Mina Anore)***







Ang pagdiriwang ng Kristong Hari noong ika-23 ng Nobyembre 2014 na sinimulan ng Banal na Oras at sinundan ng prusisyon sa ika-3 ng hapon. ***(Kuha ni Sis. Bebet Enciso)***

# KALOOB UPDATES

**OCTOBER 2014**

| KAWAN | COLLECTIONS |
|---|---|
| 1. St. Pedro Calungsod | P 1,540.00 |
| 2. St. Augustine | 2,160.00 |
| 3. St. John the Baptist | 1,650.00 |
| 4. St. Peter | 3,930.00 |
| 5. St. Therese of the Child Jesus | 1,000.00 |
| 6. Sta. Monica | 1,850.00 |
| 7. St. Jude Thaddeus | 1,000.00 |
| **TOTAL** | **P 13,130.00** |

**NOVEMBER 2014**

| KAWAN | COLLECTIONS |
|---|---|
| 1. ST. LUKE | P 1,365.00 |
| 2. St. Francis | 11,900.00 |
| 3. St. Anne | 5,320.00 |
| 4. St. John | 1,000.00 |
| 5. St. Augustine | 7,600.00 |
| 6. St. Monica | 1,800.00 |
| 7. St. Therese | 1,100.00 |
| 8. St. Peter | 2,200.00 |
| **TOTAL** | **P32,285.00** |

# GABAY SA KAGANDAHANG-ASAL

Katulad ko na isang ina, tayo po ang unang lalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsali sa mga organisasyon sa ating parokya. Sa ganiyong paraan, unti-unti nating mailalapit ang ating mga anak at asawa sa Diyos. Magkakaroon tayo ng personal na relasyon sa Panginoon at habang ito ay lumalalim, unti-unti Siyang papasok sa ating puso pati na rin sa ating mga mahal sa buhay. Siya ang mag-aayos ng ating buhay. Turuan po natin ang ating mga anak ng mabubuting asal, tulad ng pagdarasal at pagsisimba upang lumaki sila bilang mga mabubuting Kristiyano.

Huwag tayong magagalit kapag may sumasaway sa ating mga anak kapag halimbawang sila'y maingay. Minsa'y mas malakas pa ang ating boses sa pagsaway sa kanila kaya hindi nila maintindihan. Ito rin ang nagiging dahilan kung kaya't hindi sila marunong magbigay-galang sa mga tao sa paligid nila na nagpapahinga o kaya'y may sakit. Turuan natin sila ng mabuting asal sa pagkain, tulad ng hindi pagaaksaya at pagkakalat ng mga balat ng pinagkainan nila. Ituro natin na dapat ay magtapon ng basura sa tamang kinalalagyan nito. Turuan din natin sila na maging malinis sa katawan at paligid. Huwag tayong maging palasigaw at palamura dahil makokopya nila ito hanggang sa kanilang paglaki. Sabihin natin na huwag silang magsigarilyo at uminom ng alak, pati na rin ang pagsusugal at lahat ng bisyo upang malaman nila na masama ito sa kanilang kalusugan. Ang akala kasi nila ay kasama talaga ang mga iyon sa buhay nila dito sa mundo. Ito ay upang malaman nila ang tama at ang mali. At higit sa lahat, huwag tayong magsasawang magdasal araw-araw, oras-oras, gabi-gabi kahit saang lugar. Lagi nating kasama ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Inang si Maria. Ialay natin sa Diyos ang lahat. Siya ang magpapabago sa matitigas na ulo at puso ng ating pamilya. Siya ang mag-aayos niyo at hindi Niya tayo bibiguin. Salamat po, Jesus and Mama Mary.

**—NORA SISON**
(Ina Poon Bato Global Devotee)

PERSONALITY /pahina 3)

napalaki nila ng buong husay ang kanilang kaisa-isang anak na si Jose Jeffrey na nagtapos ng Computer Science sa De La Salle University at kasalukuyang Assistant Vice President for Corporate IT Solutions sa Phil-Data Business Systems, Inc. Bukod pa diyan, siya ay laging may honor sa lahat ng taunang pagtatapos ng kanyang klase.

Narito ang simpleng paghahambing ng personal na buhay nina Bro Angel at Sis Mila:

| | | |
|---|---|---|
| Full Name: | Angelito | Camila |
| Birthday: | June 9, 1941 | July 15, 1941 |
| Birthplace: | Pasig | Pateros |
| Start of Religious Career | 1992 (San Joaquin) | 1960 (Pateros) |
| Present Religious Preoccupations | Vice-Coordinator, EMHC | Couples for Christ |

Ang kanilang mga mithiin para sa Parokya ng San Guillermo: (1) "A united parish, willing and able to build a new church"; (2) "Increase KALOOB membership to subsidize 'arancel' (gastusin) of parishioners for baptismal rites, wedding and funeral masses, and extend other benefits to poor parishioners".

Tunay na napakataas ang antas ng paglilingkod at pagmamahal sa Panginoon nina Bro Angel at Sis Mila. Hangad natin ang patuloy na masaya,malusog at maalwang pamumuhay nila. May their tribe increase!

***-MARY ANN OCHOA***